3 Mga pangunahing serbisyo (basic services)

3-4 Postal services

Ang "〒" ay ang tatak o simbolo ng tanggapan ng koreo at hulugan ng sulat. Hindi lamang pagpapadala ng sulat, maliliit na pakete, ekspres na pagpapadala ang ginagawa ng tanggapan ng koreo, mayroon ding serbisyo para sa pagtabi ng pera (Postal Bank Yuucho Ginko) at insurance (Kampo Seimei).

Ang serbisyo ng koreo ay mula alas-9 ng umaga hanggang alas-5 ng hapon mula Lunes hanggang Linggo (mayroon ding mga koreo na bukas ng Sabado at ng Sabado). At ang serbisyo ng tulad sa bangko at insurance ay mula alas-9 ng umaga hanggang alas-4 ng hapon mula Lunes hanggang Linggo..

•Ang homepage ng koreo ay http://www.post.japanpost.jp/ (nakasulat sa Hapon)
http://www.post.japanpost.jp/english/ (nakasulat sa Ingles)

(1) Domestic (Sa loob ng Japan)

Sa loob ng Japan, maaaring magpadala ng postcard, sulat, package, mga libro at iba pang gamit. Makakabili din dito ng kanseihagaki o opisyal na postcard at selyo. Ang shiseihagaki o pribadong postcard ay kinakailangang dikitan ng 50 yen na selyo. Kung magpapadala ng mga bagay na pinaprayorita ay maaring ipadala sa pamamagitan ng sokutatsu o pangmabilisang pagpapadala pero ito ay mayroong karagdagang kabayaran.

Ang pagpapadala ng package na kung tawaging yuupakku ay tulad ng takuhaibin (*) na kung saan idinideliver ang package kinabukasan ng araw na ito ay ipinadala (maliban sa mga ibang lugar).

Ang adres sa Japan ay nagsisimula sa postal code, sumunod ang perepaktura, syudad, barrio, o kalye, distrito at barrio, at pinakahuli ang choume sa barrio. Ang ku na tulad ng sa Chuo-ku ay nasusulat ng kasunod ng shi katulad ng sa Sapporo-shi Chuo-ku at ito rin ay nasusulat pagkatapos ng to tulad ng Tokyou-to Chiyoda-ku. Ang adres ay nagtatapos sa numero ng bahay o ng apartamento (block○lot○ o banchi/○ban○gou).

Halimbawa:
〒100-0013
Tokyo-to Chiyoda-ku Kasumigaseki 3 choume 3 ban 2 gou

Kapag lilipat ng tirahan magpasa ng tenkyotodoke para ang mga sulat na nakaadres sa lumang bahay ay maipapadala sa bagong adres sa loob ng isang taon.

* takuhaibin

Ito ay serbisyong pagpapadala at pagdedeliver ng mga gamit o package na isinasagawa ng pribadong sector. Maaring gumamit nito sa pamamagitan ng pagpapadala sa convenience stores o mga maliliit na tindahan o kung tumawag naman sa kumpanya ng diretso ay pupuntahan sa bahay upang kunin ang bagahe o package.

O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay

Bumalik sa TOP ng O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay

Mayroon itong iba’t-ibang klase ng serbisyo tulad ng pagtakda ng araw kung kailan ito nais ipadala, pagpapadala sa gabi, pagpapadala ng malamig o mga frozen na pagkain, at kung lalabas ng bansa at nais ipadala ang mga gamit, maaring gamitin ang serbisyong ito at darating ang mga kagamitan hanggang sa counter ng airport. Para sa mas detalyadong impormasyon tungkol dito, magtanong lang sa mga iba’t-ibang kumpanya ng takuhaibin.

(2) International (Patungo sa ibang bansa)

Kung magpapadala sa ibang bansa, mayroong iba’t-ibang klase tulad ng pagpapadala sa pamamagitan ng eroplano, barko at SAL at ang bayad dito ay naayon sa bigat at bansang patutunguhan. Ang SAL ay tumutukoy sa economy class, galing sa Japan at sa patutunguhang bansa ito ay ipinapadala sa pamamagitan ng eroplano ngunit sa loob ng Japan o sa loob ng bansang pinatunguan ito ay ipinapadala sa pamamagitan ng barko. Ang bilis ng mga nasabing serbisyo ayon sa bilang ng araw mula sa pagpapadala hanggang sa ito ay makarating sa patutunguang lugar ay, eroplano mula 3 hanggang 9 na araw, SAL mga 2 hanggang 4 na lingo, at barko mula 10 hanggang 80 araw. Para sa detalyadong impormasyon tungkol dito mangyari lamang makipag-uganayan sa nalalapit na koreo o post office